

# ANTAS NG KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGBASA AT ANG KANILANG AKADEMIKONG PAGGANAP

## STUDENTS' READING PROFICIENCY LEVEL AND THEIR ACADEMIC PERFORMANCE

Leizel Joy P. Caspe

Faculty, Misamis University, Philippines

### ABSTRACT

**ABSTRAK:** Ang pagbabasa ay mahalaga sa pang-araw-araw na gawain ng isang tao. Ito rin ay isa mga salik na makatutulong sa mga mag-aaral na makapagpakita ng kahusayan sa kanilang akademikong pagganap. Ang pag-aaral na ito ay naglalahad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap sa Misamis University sa taong panuruan 2019-2020. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay 276 na mag-aaral sa baitang 11 sa Senior High School na pinili gamit ang stratified random sampling. Gumamit ang mananaliksik ng pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasa na naglalaman ng apat na lebel ng komprehensyon (literal, interpretasyon, kritikal, at aplikasyon) at ang pamantayan o rubrik bilang panukat sa pagbibigay puntos sa kritikal at aplikasyon na mga katanungan. Natuklasan sa pananaliksik na ito na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay mataas at mahusay ang kanilang akademikong pagganap. Nagpapatunay na may mataas na makabuluhang kaugnayan ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap. Inirerekomenda ng mananaliksik na magsagawa ang administrasyon ng mga programa na magpapaunlad pa sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

**KEYWORDS-** akademikong pagganap, antas ng kasanayan, pagbasa, Filipino, komprehensyon.

### I. INTRODUKSYON

Ang pagbabasa ay isa sa limang makrong kasanayan na dapat linangin ng isang mag-aaral. Ito ay makatutulong sa kanila upang mapaunlad ang abilidad sa pag-unawa ng isang teksto. Ang pagbasa nang walang pag-unawa ay hindi pagbabasa. Kung wala ang pag-unawa, ang pagbabasa ay pagkilala lamang sa mga simbolo sa isang pahina na isinasatunog (Charles & Charles, 2018). Nagbabasa ang tao upang makakuha ng bagong kaalaman (Clinton, Tyner, Epstein & Lambert, 2016). Sa pamamagitan ng komprehensyon, nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga salita na kanilang nababasa (Rockets, 2020).

Ang pag-unlad ng literasi sa Chile ay mahusay ngunit isa pa rin sa inaalala ng mga eksperto ang mababang kasanayan ng mga kabataan sa pagbabasa (Meneses et al., 2017). Ang pag-aaral sa China sa pagbasa ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na nakatanggap ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay nakakukuha ng matataas na marka kaysa sa mga hindi nakaranas nito (Cekiso, 2012). Bilang karagdagan, natuklasan ng mga mananaliksik sa Pilipinas na ang pagbabasa ay isang personal na responsibilidad. Ito ay nakasalalay kung paano umunawa, sumuri, gumamit, at bumuo ng mga bagong ideya ang mga mag-aaral galing sa mga nakasulat na teskto upang mapaunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip (Abao, Boholsno, Quinto, & Navarro, 2016).

Sa partikular, ang pagbasa at pag-unawa sa binasa ay maaaring masukat nang maaga. Ang paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na magbasa ay isa sa mahalagang tungkulin ng edukasyon (Ng & Bartlett, 2017). Batay sa mga nabasang literatura, maraming pag-aaral tungkol sa antas ng kasanayan sa pagbabasa ang naisagawa. Subalit, kaunti pa lamang ang sumusuri sa kaugnayan nito sa kanilang akademikong pagganap. Sa Misamis University, Lungsod ng Ozamiz, napag-alaman na ang mga mag-aaral sa Senior High School ay tila walang interes sa pagbabasa. Hindi rin masyadong naipahahayag nang maayos ang saloobin ng mga mag-aaral

galing sa kanilang akdang binasa kapag tinalakay na sa klase. Ang mga obserbasyon na ito ang dahilan kung kaya ang mananaliksik ay humantong sa pagsagawa ng pag-aaral na ito.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Layunin ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral;
2. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino; at
3. Nasusuri ang makabuluhang kaugnayan ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang kanilang akademikong pagganap.

## III. PAMAMARAAN

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng *descriptive correlational* na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pribadong paaralan ng Misamis University sa Departamento ng Senior High School, Taong Panuruan 2019-2020. Ang respondente sa pag-aaral na ito ay ang 276 na mga mag-aaral sa Grade 11 ng Senior High School ng Misamis University na pinili sa pamamagitan ng *stratified random sampling* galing sa 5 *Strand* (STEM, ABM, GAS, HUMSS, PREBACCULAUREATTE MARITIME). Ang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral.

## IV. RESULTA AT TALAKAYAN

### Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Makikita sa resulta ng datos na mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral na may kabuuan na ( $m = 15.04$ ), ( $SD = 3.18$ ).

Ang resulta ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagbabasa. Ang mga mag-aaral ay nakalalahad ng mga ideyang detalyado at may kaugnayan sa paksa. Nakagagamit din nang epektibo sa tamang paggamit ng baybay at balarila. Nasasagot din ng mga mag-aaral ang mga tanong nang tama.

Mahalaga ang kasanayan sa komprehensyon dahil limitado ang memorya ng isang indibidwal (John, 2007). Ang komprehensyon sa pagbasa ay isa sa mga haligi ng pagbabasa. Kapag nagbabasa ang isang tao siya ay sumasailalim sa isang komplikado na kognitibong proseso. Sabay nitong ginagamit ang kamalayan at pag-intindi sa palatunugan, ponema, abilidad na maintindihan at makabuo ng kahulugan mula sa teksto (Charles & Charles, 2018). Ang pagkawalang hilig sa pagbabasa lalong-lalo na ang mga kabataan ay malawakang denebatehan at tinalakay ng mga nasa akademya, mga intelektwal, manunulat, at sa mga taong mahilig magbasa (Akanda, Hoq, & Hasan, 2013).

Naobserbahan na ang mga Unibersidad ay nahihirapan na hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang kanilang mga aklat (Clinton, Tyner, Erstein, & Lambert, 2016). Ang pagbasa ay kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral. Upang maintindihan ang kanilang narinig at nabasa, ang mga kabataan at matatanda ay dapat gumawa ng magkauugnay na representasyong mentalidad sa inihayag na impormasyon May mga bagong pag-aaral ang nagmungkahi na ang abilidad na gawin ito ay nagsisimula sa murang edad – bago pa man ang taon sa pagbabasa – at ang pagkakaiba-iba ng mga indibidwal ay isang prediktor ng pagganap sa kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa (Van den Brook, Kendeou, Lousberg & Visser, 2017).

Ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng kasanayan sa pag-unawa sa kanilang binabasa dahil makatutulong ito sa paglinang ng kanilang isipan. Sa pamamagitan din ng pagbabasa, nakakadiskubri ng mga bagong kaalaman ang isang indibidwal na makatutulong sa kanya sa hinnaharap.

### TALAHANAYAN 1

#### Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral

( $n=276$ )

---

| Variable | Mean | SD | Min. | Max. | Interpretasyon |
|----------|------|----|------|------|----------------|
|----------|------|----|------|------|----------------|

---

|                      |       |      |   |    |        |
|----------------------|-------|------|---|----|--------|
| Kasanayan sa Pagbasa | 15.04 | 3.18 | 3 | 20 | Mataas |
|----------------------|-------|------|---|----|--------|

*Note: Iskala ng Antas ng Kasanayan sa Pagbasa: 16-20 (Napakataas); 11-15 (Mataas); 6-10 (Mababa); 1-5 (Napakababa)*

**Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

Makikita sa Talahanayan 2 na kadalasan sa mga 135 na mag-aaral ay napabilang sa pinakamahusay sa kanilang akademikong pagganap. Kasunod nito may 59 na mga-aaral na napabilang sa mahusay, 36 sa katamtaman ang husay, 27 ang di gaanong mahusay at 19 ang napabilang sa pinakamababa sa akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Makikita sa resulta ng datos na ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay *mahusay* (M=87.67).

Ang resulta ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay talagang mahusay sa klase dahil sa ipinakita nilang kahusayan sa kanilang akademikong pagganap. Ito ay kadalasan nasusukat sa pamamagitan ng eksaminasyon at patuloy na pagtatasa sa loob ng klase. Dagdag pa rito, ang resulta ay nagpapakita na nakamit ng mga mag-aaral ang mga kakayahan at pamantayan na ipinanukala ng Kagawaran ng Edukasyon sa asignaturang Filipino.

Ang akademikong pagganap ay kumakatawan sa resulta ng tagumpay ng isang mag-aaral na kanyang nakamit sa loob ng paaralan (Steinmayr, Meibner, Weidinger, & Wirtwein, 2017). Sa mga intitusyong pang-edukasyon, ang tagumpay ay natatasa gamit ang akademikong pagganap, o kung gaano kagaling ang isang mag-aaral na matamo ang pamantayan na itinakda ng local na pamahalaan at ang institusyon mismo (Oko, 2014). Ito ay maaring maipakahulugan bilang *standardized* na iskor, marka ng mga mag-aaral, pangkalahatang abilidad, at resulta na nakamit (Garg & Sharma, 2016).

Ang akademikong pagganap ay mahalaga para sa matagumpay na pag-unlad ng mga kabataan sa lipunan. Ito ang magsisilbi nilang gabay upang makamit ang kanilang minimithi sa buhay. Makakatulong din ito sa pagkakaroon ng malawak na oportunidad na makapapaunlad sa kanilang personalidad. Ang mga mag-aaral na mahusay sa paaralan ay may posibilidad na maging matagumpay sa hinaharap.

**TALAHANAYAN 2**

**Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

(n=276)

| Baryabol             | Pagsusunod-sunod | Bahagdan | Mean  | SD   | Interpretasyon |
|----------------------|------------------|----------|-------|------|----------------|
| Akademikong Pagganap |                  |          | 87.67 | 7.37 | Mahusay        |
| Pinakamahusay        | 135              | 49.00    |       |      |                |
| Mahusay              | 59               | 21.00    |       |      |                |
| Katamtaman ang husay | 36               | 13.00    |       |      |                |
| Di-gaanong mahusay   | 27               | 10.00    |       |      |                |
| Napakababa           | 19               | 7.00     |       |      |                |

*Note: Iskala ng Akademikong Pagganap: 90-100 (Pinakamahusay); 85-89 (Mahusay); 80-84 (Katamtaman ang Husay); 75-79 (Di-gaanong Mahusay); Below 75 (Napakababa)*

**Makabuluhang Kaugnayan ng Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral at ang Kanilang Akademikong Pagganap**

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang makabuluhang kaugnayan ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap. Makikita sa resulta na may mataas na makabuluhang kaugnayan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap na may kabuoang resulta sa p value na 0.01.

Ito ay nagpapakita na kung ang mga mag-aaral ay mahusay sa pagbasa, inasahang mataas din ang kanilang akademikong pagganap. Nagpapahiwatig ito na nakadepende sa antas ng kasanayan sa pagbasa ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Nakatutulong ang kanilang kakayahan sa pagbasa para maintindihan ang mga babasahin na maaaring naging dahilan din sa pag-unlad ng kanilang akademikong pagganap. Samakatuwid, ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ang pagbabasa at pag-unawa sa binasa ay mga makabuluhang prediktor sa akademikong tagumpay. Dagdag pa rito, ang pananaw sa pagbasa ay may makabuluhang prediktor sa pag-intindi sa kanyang binasang teksto (Bastug, 2014). Ang mga nakaraang pananaliksik sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay tinalakay sa kapaligirang pananaw, kung saan maliit na atensyon lamang ang ibinigay sa mga mag-aaral tulad ng kahirapan sa pagbabasa at mga tagumpay sa kanilang panukalang interbensyon (Akanda, Hoq, & Hasan, 2014). Upang malaman ang epekto ng komprehensyon sa pagsubaybay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa mababang paaralan sa Nakuro West Sub-County, Kenya, natuklasan sa pag-aaral na kung tutukan ang pagsubaybay sa komprehensyon bilang interbensyon sa kahirapan sa pag-unawa sa binasa, ito ay nagpakita ng potensyal na pagtaas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Agutu, Gichohi & Wamalwa, 2019).

Ang katalinuhan ng isang mag-aaral ay kaugnay sa kanyang antas ng kasanayan sa pag-unawa ng kanyang binasa. Ito ay nagsisilbing batayan ng isang mag-aaral upang maintindihan ang mga akda na kanyang nasasalamuha sa loob at labas ng paaralan. Nagpapatunay lamang ito na ang komprehensyon sa pagbasa ay isa sa mga salik upang mapataas ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

### TALAHANAYAN 3

#### Makabuluhang Kaugnayan ng Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral at ang Kanilang Akademikong Pagganap

(n=276)

| Baryabol   | <i>r value</i> | <i>Unstandardized B</i> | <i>p value</i> | Remarks                              |
|--|----------------|-------------------------|----------------|--------------------------------------|
| Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral at ang Kanilang Akademikong Pagganap | **0.42         | 0.978                   | <0.01          | May Mataas na Makabuluhang Kaugnayan |

Note: \* $p < 0.05$  (May Makabuluhang Kaugnayan); \*\* $p < 0.01$  (May Mataas na Makabuluhang Kaugnayan)

### V. KONKLUSYON

Ang mga mag-aaral ay may angking kakayahan sa pagbasa. Ito ay nagagawa nila nang may pang-unawa na siyang maging dahilan ng mataas na antas ng kasanayan nila sa pagbasa. Kasabay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay ang kanilang mahusay na akademikong pagganap. Samakatwid, makikita ang malaking kaugnayan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang kanilang akademikong pagganap.

### TALASANGGUNIAN

- Charles, J. and Charles, L. (2018). *What is Reading Comprehension?* [online] Reading Worksheets, Spelling, Grammar, Comprehension, Lesson Plans. Retrieved on February 18, 2020 from <https://www.k12reader.com/what-is-reading-comprehension/>
- Clinton, S., Tyner, L., Epstein, R., & Lambert, A. (2016). A Preliminary examination of gender differences in graduate and undergraduate reading engagement: Using books to supplement students' learning. *The Coastal Business Journal*, 15(1), 55. Retrieved on December 20, 2019 from <https://goo.gl/TJW8B5>
- Rockets. (2020). *Comprehension*. [online] Retrieved on February 18, 2020 from <https://www.readingrockets.org/teaching/reading-basics/comprehension>
- Meneses, A., Uccelli, P., Santelices, M., Ruiz, M., Acevedo, D. and Figueroa, J. (2017). Academic Language as a Predictor of Reading Comprehension in Monolingual Spanish-Speaking Readers: Evidence from Chilean Early Adolescents. *Reading Research Quarterly*, [online] 53(2), pp.223-247. Retrieved on February 18, 2020 from <https://ila.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/rq.192>
- Cekiso, M. (2012). Reading comprehension and strategy awareness of Grade 11 English second language learners. *Reading & Writing-Journal of the Reading Association of South Africa*, 3(1), 1-8. Retrieved on February 20, 2020 from <https://www.ingentaconnect.com/content/sabinet/reading/2012/00000003/00000001/art00003>
- Abao, E.D., Boholsno, H.B., Quinto, V.G., & Navarro, T.M. (2015). Reading Engagement Opportunities of Education Students. *European Journal of Educational Sciences (EJES)*, 18. Retrieved on February 20, 2020 from <https://bit.ly/30QHkd0>
- Ng, C., & Bartlett, B. (Eds.). (2017). *Improving Reading and Reading Engagement in the 21st Century: International Research and Innovation*. Springer. Retrieved on February 28, 2020 from <https://goo.gl/d5kgm9>

8. John, K. (2007). *Reading Comprehension: Its Nature and Development*. [online] Research Gate. Retrieved on February 18, 2020 from <https://bit.ly/37CgAyv>
9. Akanda, A. K. M., Hoq, K. M. G., & Hasan, N. (2013). Reading Habit of Students in Social Sciences and Arts: A Case Study of Rajshahi University. *Chinese Librarianship*, (35). Retrieved on February 20, 2020 from <http://whiteclouds.com/iclc/cliej/cl35AHH.pdf>
10. Van den Brook, P., Kendeou, P., Lousberg, S., & Visser, G. (2017). Preparing for reading comprehension: Fostering text comprehension skills in preschool and early elementary school children. *International Electronic Journal of Elementary Education*, 4(1), 259-268. Retrieved on February 28, 2020 from <https://www.iejee.com/index.php/IEJEE/article/view/223>
11. Steinmayr, R., Meibner, A., & Weidinger, A. (2017). Wirthwein, I. (2015). Academic Achievement. *Education*. Retrieved on February 28, 2020 from <https://bit.ly/3fBgg5E>
12. Oko, O. F. (2014). Impact of Teacher Motivation On Academic Performance of Students. In *National Association of Mathematics Students' Conference/Seminar held at the College Auditorium, Nwafor Orizu College of Education, Nsugbe, Anambra State*, Retrieved on February 28, 2020 from <https://bit.ly/2N5hNoB>
13. Garg, A., & Sharma, R. (2016). Intelligence and affect as predictors of academic performance among undergraduate students. *International Journal of Education and Management Studies*, 6(1), 11-18. Retrieved February 25, 2020 from <https://search.proquest.com/docview/1870564427?accountid=149218>
14. Bastug, M. (2014). The structural relationship of reading attitude, reading comprehension and academic achievement. *International Journal of Social Sciences and Education*, 4(4), 931-946. Retrieved on February 20, 2020 from <https://go.aws/3cd2HZk>
15. Agutu, M. H., Gichohi, P., & Wamalwa, B. (2019). Effects of Comprehension Monitoring on Academic Performance of Primary School Pupils in Nakuru West Sub-County, Kenya. *International journal of academic research in business and social sciences*. Retrieved on February 20, 2020 from <https://bit.ly/3dju7MJ>